

Pagsilip sa Imahe ng Babae sa Ilang Kasaysayang Awit

MA. REINA BORO-MAGBANUA

ABSTRAK

Ang kasaysayan ay mayaman sa batis, ngunit ang kakulangan ng maraming historyador ay ang hindi paggamit ng ilang di-tradisyonal na sanggunian, isa na dito ay ang mga epiko o kasaysayang awit. Ipinapalagay ng maraming positibistang historyador na ang mga epiko ay hindi pamamaraang maaaring pumasa sa siyentipikong pangangatuwiran, ngunit sa kasalukuyang panahon, mainam na batis ng sinaunang kasaysayang Pilipino ang mga epiko ng ating bayan. Dapat itong dalumatin upang magkaroon tayo ng pagtataya kung ano ang galaw ng lipunang Pilipino bago ang pananakop.

Samantalang mahalagang basahin ang mga epiko upang magkaroon tayo ng larawan ng ating kasaysayan bago pa ang pagdating ng mga dayuhan (hanggang sa unang bahagi ng kanilang pananakop), mainam ding tingnan, kasabay nito ang papel na ginampanan ng mga babae sa epiko. Bayani ba silang maituturing, tulad ng imahe ng maraming kalalakihan o inilalarawang masama?

Bilang pagtugon sa dalawang salaming nabanggit, sisilipin ng papel na ito ang ilang mga piling epiko mula sa mata ng kababaihan, upang makita natin at mailahad kung anu-ano ba ang tungkulin at larawang ipinipinta ng mga epikong Pilipino sa kanyang kababaihan, sa ganun magkaroon tayo ng larawan ukol sa kababaihang Pilipino noong panahon bago ang pananakop.

Introduksyon

Ang mga kasaysayang awit o epiko ay mayamang batis na kakikitaan ng kultura ng katutubong lipunang Pilipino. Kung susuriing mabuti ang wika, lugar o pook na pinagmulan ng epiko, mga tradisyon, paniniwala at mga pinapahalagahang kaugalian,¹ ginto ang kasaysayang awit, lalo na sa pag-aaral ng *prehistory*. Bilang bahagi ng tradisyong pasalita, ang mga epiko ay baul ng kaalamang sosyal at kultural ng isang partikular na pamayanan, at mayamang depositaryo ito ng pagpapaliwanag kung paano tinitingnan ng mga katutubong Pilipino ang mundong kanyang ginagalawan (Jose, 1980).

Ngunit sa kasaysayan ng Pilipinas, malakas ang pagkapataw ng dayuhang kultura, nasapawan ang dating mataas na posisyon ng babae bilang lider kultural ng sinaunang lipunan. Kaya't layunin ng papel na ipakita sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga kasaysayan awit, na sa pananaw ng mga katutubong Pilipino, mayroong malaking papel ang kababaihan bago dumating ang mga dayuhan. Ayon kay Jose (1980), sa *worldview* ng mga katutubong Pilipino, malawak ang sakop ng mga gawaing nakaatas sa babae, mula sa taga-pagbigay at aruga ng buhay hanggang sa taga-pagbawi nito (mangangayaw). Sa pamamaraang ito, makikita natin ang isang larawan sa kasaysayang Pilipino na hindi gaaanong tinitingnan ng karamihan ng mga historyador na may salaming panglalaki.

Nagkaroon ng may pagtatangkang tingnan ang lipunang pinagmulan ng mga kasaysayang awit, ngunit hindi naging malalim ang pagbasa sa kulturang pinagmulan ng mga epiko. Samakatuwid, malaki ang tutok ng papel na ito sa pagbasa sa larawan ng babae sa mga epikong napili batay sa hayag at di hayag na salaysayin dito.

Upang matugunan ang layunin, kailangang basahin ang mga epiko gamit ang mata ng babae. Ang pagbabasa bilang babae ay ang pinaka-payak na pamamaraan upang makita natin ang hinahanap. Ang pagpapakahulugan ay hindi palaging nakatakda, maaaring ang mambabasa ang magbigay nito. Ngunit ang pagbasa bilang babae ay pagbasa sa loob ng istruktura ng patriyarkiya, kaya

maunawaan kung bakit ang lalaki ay nagbabasa bilang lalaki at ang babae ay sumusunod na lamang. Kailangang tayo bilang babaeng mambabasa ay bumuo ng sarili nating pagpapakahulugan, mga kahulugang maaaring subukin o baligtarin ang tradisyonal na patriyarkal na pagbabasa, at buwagin ang hirarkya ng kasarian (Ventura, 1994).

Ngunit dapat din tayong maging maingat sa bagong pagbasa. Madalas ay pinipilit nating isaksak ang larawan ng babae sa tradisyon ng imahe ng lalaki. Mas mainam siguro kung ang tututukan ay ang paghahanap ng bagong larawan ng babae na nakabatay sa kanyang mundo at kultura (Ventura, 1994).

Kaya dapat ding maghanap tayo at gumawa ng mga bagong modelo ng pagtataya at pagdadalum sa mga literaturang may sinasabi ukol sa kababaihan.

Bilang babae at bilang mag-aaral ng kasaysayan, makatuwiran na mailabas ang tinagong lakas ng babae. Tingnan natin ang *sinasabi* – ang mga hayag na paglalarawan ng mga epiko at ang *hindi* nito sinasabi ukol sa imahe ng babae.

Ang mga kasaysayang awit o epiko na pinili ay maaaring ipangkat sa tatlong pamamaraan, una sa heyograpikal na paghahati ng Pilipinas: ang Gasumbi ng Hilagang Luzon, Ibalon sa Bikol, ang Kudaman para sa Palawan/Visayas at ang dalawang epiko ng Bukidnon at Subanon para sa Mindanao. Posible din itong hatiin sa konteksto ng pagtutol ng kultura sa dayuhang mananakop. Sa ganitong pagtataya ang lahat ng epiko ay magsasama-sama liban sa Ibalon na nagmula na sa nakristyanong bayan. Samantala, ang huling posibilidad, ay batay sa pagsasalarawan sa imahe ng babae. May imahe ng mandirigma, mayroon babaylan – minsan mabuti, minsan masama, at may larawan din ng kapatiran.

Minabuti ng may-akda na ipangkat na lamang ang mga kasaysayang awit batay sa lugar na pinanggalingan at saka suriin kung paano inilarawan ang imahe ng babae sa bawat epiko. Sa ganitong paraan maaari na rin nating makita ang pagtutol ng kulturang pinagmulan ng epiko sa kolonyalismo, kung meron man.

Ang mga epikong napiling tingnan ay ang